# *Ang Suliranin ng mga Magulang na Walang Asawa Yugto 1*

Ang kalagayan ng mga solong magulang ay magmumula sa maling mga alintuntunin kung paanong magkaroon ng pamilya. Maraming kababaihan at kalalakihan ang nagiging biktima ng kalalakihan at kababaihan na ginamit sila at nakita nila ang kanilang sarili na may mga anak mula larangan ng pag-aasawa, mula sa kung ano ang Salita ng Dios at kung ano ang itinalaga ng Dios para sa pamilya; gaya ng pakikiapid, pangangalunya, panggagahasa, pagsasama, prostitusyon, maramihang pag-aasawa o paghihiwalay at pag-aasawang muli. Ang lahat ng ito ay labag sa kautusan ng kaugnayan ng pag-aasawa sa pagitan ng lalaki at babae. Itinuturo sa atin ng Banal na Kasulatan na kailangang tapusin ang ilang ugnayan sa pagitan ng lalaki at babae kahit na ang mga bata ay lumabas mula roon.

***1. <u>Ang salayasay ni Agar at ni Ismael</u>: "1 Sarai nga na asawa ni Abram ay hindi nagkaanak sa kaniya; at siya'y may isang alilang babae na taga Egipto, na nagngangalang Agar. 2 At sinabi ni Sarai kay Abram, Narito, ngayon, ako'y hinadlangan ng Panginoon na ako'y magkaanak; ipinamamanhik ko sa iyong sumiping ka sa aking alilang babae; marahil ay magkakaanak ako sa pamamagitan niya. At dininig ni Abram ang sabi ni Sarai. 3 At kinuha ni Sarai na asawa ni Abram, si Agar na taga Egipto, na kaniyang alila, pagkaraan ng sangpung taon na makatahan si Abram sa lupain ng Canaan, at ibinigay kay Abram na kaniyang asawa upang maging asawa niya. 4 At siya'y sumiping kay Agar, at naglihi: at nang makita niyang siya'y naglihi, ay niwalang halaga niya ang kaniyang panginoong babae sa kaniyang paningin. 5 At sinabi ni Sarai kay Abram, Ang aking pagkaapi ay sumaiyo: idinulot ko ang aking alila sa iyong sinapupunan; at nang makita niyang siya'y naglihi, ay niwalan akong kabuluhan sa kaniyang paningin: ang Panginoon ang humatol sa akin at sa iyo. 6 Datapuwa't sinabi ni Abram kay Sarai, Narito, ang iyong alila ay nasa iyong kamay; gawin mo sa kaniya ang iyong minamagaling sa iyong paningin. At dinuwahagi siya ni Sarai, at si Agar ay tumakas mula sa kaniyang harap. 7 At nasumpungan siya ng anghel ng Panginoon sa tabi ng isang bukal ng tubig sa ilang, sa bukal na nasa daang patungo sa Shur. 8 At sinabi, Agar, alila ni Sarai, saan ka nanggaling? at saan ka paroroon? at kaniyang sinabi, Ako'y tumatakas mula sa harap ni Sarai na aking panginoon. 9 At sinabi sa kaniya ng anghel ng Panginoon, Magbalik ka sa iyong panginoon, at pahinuhod ka sa kaniyang mga kamay. 10 At sinabi sa kaniya ng anghel ng Panginoon, Pararamihin kong mainam ang iyong binhi, na hindi mabibilang dahil sa karamihan. 11 At sinabi sa kaniya ng anghel ng Panginoon, Narito't ikaw ay nagdadalang-tao at ikaw ay manganganak ng isang lalake; at ang itatawag mo sa kaniyang ngalan ay Ismael, sapagka't diningig ng Panginoon ang iyong kadalamhatian. 12 At siya'y magiging parang asnong bundok sa gitna ng mga tao; ang kaniyang kamay ay magiging laban sa lahat, at ang kamay ng lahat ay laban sa kaniya; at siya'y tatahan sa harap ng lahat niyang mga kapatid. 13 At kaniyang tinawagan ang ngalan ng Panginoon na nagsalita sa kaniya, Ikaw ay Dios na nakakakita: sapagka't sinabi niya, Namasdan ko rin ba rito ang likuran niyaong nakakakita sa akin ? 14 Kaya't nginalanan ang balong yaon Balon ng Nabubuhay na nakakakita sa akin; narito't ito'y nasa pagitan ng Cades at Bered. 15 At nanganak si Agar ng isang lalake kay Abram at ang itinawag ni Abram, na pangalan sa kaniyang anak na ipinanganak ni Agar, ay Ismael. 16 At si Abram ay may walong pu't anim na taon nang ipanganak si Ismael ni Agar kay Abram." (Genesis 16:1-16 KJV)***

Naisip ni Abraham at Sarai na sila'y makakapagtayo ng pamilya at magkakaroon ng mga anak sa pamamagitan ng uganayan ni Abraham kay Agar, ngunit iyo ay hindi kalooban ng Dios. Si Abraham ay may -asawa na, hindi siya karapat-dapat para sa pangalawang asawa, at si Agar ay biktima ng maling pasya ni Sarai at Abraham.

Maaring si Agar ay masaya para sa unang paghihimok na maging asawa si Abraham, lalo na nang malaman ni Agar na siya ay nagdadalangtao, "***at naglihi: at nang makita niyang siya'y naglihi, ay niwalang halaga niya ang kaniyang panginoong babae sa kaniyang paningin." (Genesis 16:4 KJV)*** Ang pagmamalaking iyon ang nagpawalang halaga na ginawa ni Agar patungo kay Sarai ay ang gawa ng laman kay Agar, at tinanggap niya ang bunga niyon. Ngunit, iyon din ang pagkukulang, ni Abraham at Sarai na parehong pinahintulutan ang panglawang pag-aasawang ito upang mangyari.

Pagkatapos ng nangyari may mga kaguluhan sa pamilya. Sinimulang sisihin ni Sarai si Abraham para sa kalagayan. ***"At sinabi ni Sarai kay Abram, Ang aking pagkaapi ay sumaiyo: idinulot ko ang aking alila sa iyong sinapupunan; at nang makita niyang siya'y naglihi, ay niwalan akong kabuluhan sa kaniyang paningin: ang Panginoon ang humatol sa akin at sa iyo." (Genesis 16:5 KJV)*** Nang naganap iyon, Dapat paalisin ni Abraham si Agar, ngunit sa halip niyon ay ipinasa niya ang pananagutan ni Agar sa kanyang asawa, ***"Datapuwa't sinabi ni Abram kay Sarai, Narito, ang iyong alila ay nasa iyong kamay; gawin mo sa kaniya ang iyong minamagaling sa iyong paningin." (Genesis 16:6 KJV)***

***"At dinuwahagi siya ni Sarai, at si Agar ay tumakas mula sa kaniyang harap." (Genesis 16:6 KJV)*** Sa gayon ang anghel ay sinalubong si Agar at inutusan siya, ***"Magbalik ka sa iyong panginoon, at pahinuhod ka sa kaniyang mga kamay." (Genesis 16:9 KJV)*** Si Agar ay isang alipin at kailangan niyang bumalik at magtrabaho

at magpasakop sa kanyang panginoon, upang mapakain niya ang kanyang sarili. Ang kasigasigan sa trabaho ay lingap ng Dios para solong mga magulang upang matustusan ang kanilang sarili at ang kanilang mga anak. Hindi pinabalik ng anghel si Agar kay Abraham kundi kay Sarai sapagkat hindi pinahihintulutan ng Dios ang pangangalunya. Hindi si Abraham ang nagtustos kay Ismael.

Nais ng Dios kay Abraham na paalisin sa pamamagitan ng kanyang sarili ang kanyang pangalawang asawang si Agar, upang ito'y malinaw na katuruan sa lahat. Ang kahulugan ng *'Agar'* ay *'pag alis'*, *'paglisa'*, o *'humiwalay'*, at tunay na kailangang paalisin ni Abraham si Agar.

Sinabi ni Dios kay Agar na manganganak siya ng isang lalaki at papangalanan niya siyang Ismael. Ang kahulugan ng *'Ismael'*, ay *'dininig ng Dios'*. Tunay na diringgin ng Dios ang pagtangis at panalangin ng mga magulang na walang asawa. Iyon ang unang pagkilala ni Agar sa Panginoon; nakilala ni Agar ang Panginoon at nakita Siya, ***"13 At kaniyang tinawagan ang ngalan ng Panginoon na nagsalita sa kaniya, Ikaw ay Dios na nakakakita: sapagka't sinabi niya, Namasdan ko rin ba rito ang likuran niyaong nakakakita sa akin? 14 Kaya't nginalanan ang balong yaon Balon ng Nabubuhay na nakakakita sa akin; narito't ito'y nasa pagitan ng Cades at Bered." (Genesis 16:13-14 KJV)***

Ang panahon ng kagipitan na pinagdadaanan ni Agar ay daan para sa kanya upang makilala ang Dios. Siya ay hindi pinakitungahang mabuti ni Sarai na kanyang panginoon, at maging nang siya'y tumakas ay itinuwid siya ng anghel ng Dios na pabalikin kay Sarai na kanyang panginoon. Ang iba't ibang mga pagsubok at ang kapighatian na pinagdadaanan ng bawat mga magulang na walang asawa ay daan para sa kanila na makilala ang Dios at maranasan si Cristo. Kaya't, ang mga puntong ito ay mahalaga para sa simbahan upang ipahayag sa mga solong magulang na ituwid sila nang maayos kung ano ang kailangan nilang gawin. Ang simbahan ay dapat kasang-ayon sa katuruang ito at ipanalangin na maunawaan ng mga solong magulang, na sila'y pagpapalain ng Panginoon habang sila'y susunod sa mga tagubilin at ituon upang alagaan ang kanilang mga anak.

Ang Dios ay mapagbiyaya kay Abraham, at tinupad Niya ang Kanyang pangako sa kanya, na si Sarai ay maglilihi at manganganak sa isang lalaki na magiging isang tagapagmana kay Abraham. Tunay, pagkatapos ng labing apat na taon, nang si Sarai ay manganak kay Isaac at pagkatapos niyang ihiwalay ang sumusunod na pangyayari ay naganap na humantong sa pag-alis ni Agar at ni Ismael mula kay Abraham: ***"8 At lumaki ang sanggol, at inihiwalay sa suso; at nagpiging ng malaki si Abraham ng araw na ihiwalay sa suso si Isaac. 9 At nakita ni Sara ang anak ni Agar na taga Egipto, na ito'y nagkaanak kay Abraham, na tumutuya sa kaniya. 10 Kaya't sinabi niya kay Abraham, Palayasin mo ang aliping ito at ang kaniyang anak: sapagka't hindi magmamana ang anak ng aliping ito na kahati ng aking anak, sa makatuwid baga'y ni Isaac. 11 At ang bagay na ito ay naging lubhang mabigat sa paningin ni Abraham dahil sa kaniyang anak. 12 At sinabi ng Dios kay Abraham, Huwag mong mabigatin ito sa iyong paningin dahil sa iyong alipin; sa lahat na sabihin sa iyo ni Sara, ay makinig ka sa kaniyang tinig, sapagka't kay Isaac tatawagin ang iyong lahi. 13 At ang anak din naman ng alipin ay gagawin kong isang bansa, sapagka't siya'y anak mo. 14 At nagbangong maaga sa kinaumagahan si Abraham, at kumuha ng tinapay at ng isang bangang balat ng tubig, at ibinigay kay Agar, na ipinatong sa kaniyang balikat, at ang bata at siya ay pinapagpaalam, at siya'y nagpaalam at naggala sa ilang ng Beerseba. 15 At naubos ang tubig sa bangang balat, at kaniyang inilapag ang bata sa ilalim ng isa sa mababababang punong kahoy. 16 At yumaon at naupo sa tapat niya, na ang layo ay isang hilagpos ng pana; sapagka't sinabi niya, Huwag kong makita ang kamatayan ng bata. At naupo sa tapat, at naghihiyaw at umiyak. 17 At narinig ng Dios ang tinig ng bata; at tinawag ng anghel ng Dios si Agar, mula sa langit, at sa kaniya'y sinabi, Naano ka Agar? Huwag kang matakot; sapagka't narinig ng Dios ang tinig ng bata sa kinalalagyan. 18 Magtindig ka, iyong itayo ang bata, at alalayan mo siya ng iyong kamay; sapagka't siya'y gagawin kong isang bansang malaki. 19 At idinilat ng Dios ang kaniyang mga mata, at siya'y nakakita ng isang balon ng tubig: at naparoon at pinuno ng tubig ang bangang balat, at pinainom ang bata. 20 At ang Dios ay sumabata, at siya'y lumaki; at tumahan sa ilang at naging mamamana. 21 At nanahan siya sa ilang ng Paran: at ikinuha siya ng kaniyang ina ng asawa sa lupain ng Egipto." (Genesis 21:8-21 KJV)*** Ang sumusunod na mga punto ay matututunan natin mula sa Banal na Kasulatan tungkol sa mga magulang na walang asawa:

***A. <u>Ipinahayag ng Dios ang Kanyang kalooban sa mga magulang na walang asawa upang mahiwalay sa kanilang pangangalunyang kaugnayan</u>:*** Ipinahayag ng Dios ang Kanyang buong kalooban kay Abraham na paalisin si Agar. Nagsalita ng Dios kay Abraham na paalisin si Agar at ang kanyang anak. Batid ng Dios na ito ay isang masakit na bagay na gawin para kay Abraham. ***"At sinabi ng Dios kay Abraham, Huwag mong mabigatin ito sa iyong paningin dahil sa iyong alipin; sa lahat na sabihin sa iyo ni Sara, ay makinig ka sa kaniyang tinig, sapagka't kay Isaac tatawagin ang iyong lahi." (Genesis 21:12 KJV)*** Nais ng Dios kay Abraham na pigilin ang kanyang damdamin at emosyon at lubos na magsisi at itama ang maling bagay na ginawa niya laban sa kalooban ng Dios. Ang kanyang kaugnayan kay Agar ay pangangalunya at kailangan niyang paalisin siya. Pinagtibay ito ng Dios kay Abraham na kailangan niyang paalisin si Agar, at pinagtibay ng Dios kay Abraham na kailaang mamuhay ni Agar bilang isang solong magulang upang alagaan ang kanyang

anak. Ang walang asawang ina, walang asawang ama, o mga magulang na walang asawa ay daan ng Dios upang ituwid ang ganoong kasalanan ng pangangalunya.

Ang nag iisang magulag ay katarungan at katuwiran ng Dios upang palakihin ang mga anak na maka Dios at pangalagaang ang mga alintuntunin ng Dios para sa buhay mag-asawa. Ang simbahan ay dapat may malinaw na kaisipan upang harapin ang suliranin ng nag iisang magulang. Kailangang turuan natin sila na sila at ang kanilang mga anak ay pagpapalain kung ihihiwalay nila ang kanilang sarili mula sa pangangalungyang kaugnayan at pagtuunan ang kanilang mga anak. Pagpapalain ng Panginoon ang kanilang mga anak kung gagawin nila iyon.

Minsan ang pangangalunyang relasyon ay matustusan para sa mahabang panahon, halimbawa, si Abraham ay nagpatuloy sa kanyang kaugnayan kay Agar sa loob ng labing pitong taon, ngunit kalaunan, kailangan niyang sumunod sa Dios at paalisin siya. Ang kailangang kong sabihin dito na ang mahabang immoral na kaugnayan ay kailangan pa ring sirain at ang lalaki at babae ay kailangang maghiwalay at palayain mula sa kasalanan ng pangagalunya.

***B. <u>Ipinahayag ng Dios ang Kanyang kalooban na pagpapalain Niya ang mga anak ng mga magulang na walang asawa kung ang pangangalunyang relasyon ay matatapos</u>:*** Ipinangako ng Dios kay Abraham na pagpapalain Niya si Ismael at aalagaan para sa kanya. ***"At ang anak din naman ng alipin ay gagawin kong isang bansa, sapagka't siya'y anak mo." (Genesis 21:13 KJV)*** Gaya ng pagsunod ni Abraham sa Dios, kaya't pinagpala ng Dios ang bata. Ang ilan ay sumasabay sa kanilang damdamin pinapanatili ang immoral na kaugnayan at sasabihin, Sino ang mag aalaga sa bata at sa ina, at kanilang pananatilihin ang pangangalunyang kaugnayan. Ngunit iyon ay hindi makadios. Kailangan mong sumunod sa Dios at magtiwala sa Kanya; sumunod ka sa Kanya at gawin ang iyong bahagi at gagawin Niya ang Kanyang bahagi. Ang Dios ang lilingap sa mga magulang na walang asawa at sa kanilang mga anak.

***C. <u>Susubukang takasan ng mga magulang na walang asawa ang kanilang pananagutan at pagmamasid at pag aalaga sa kanilang mga anak</u>:*** Si Agar ay natuksong takasan ang kanyang pananagutan bilang tagapagbantayat tagapag alaga ng kanyang anak na, si Ishamel. ***"14 At nagbangong maaga sa kinaumagahan si Abraham, at kumuha ng tinapay at ng isang bangang balat ng tubig, at ibinigay kay Agar, na ipinatong sa kaniyang balikat, at ang bata at siya ay pinapagpaalam, at siya'y nagpaalam at naggala sa ilang ng Beerseba. 15 At naubos ang tubig sa bangang balat, at kaniyang inilapag ang bata sa ilalim ng isa sa mababang punong kahoy. 16 At yumaon at naupo sa tapat niya, na ang layo ay isang hilagpos ng pana; sapagka't sinabi niya, Huwag kong makita ang kamatayan ng bata. At naupo sa tapat, at naghihiyaw at umiyak." (Genesis 21:14-16 KJV)*** Si Agar, ang kanyang pananampataya ay binigo siya, (sa pagiging mag isa, sa ilang, sa mainit na panahon, walang tubig o kaloob, at walang pag asa), at naisip niya na hindi niya kaya, sa pagiging tagapagbantay na babae sa bata nang sinabi niya sa ***Genesis 21:16, "Huwag kong makita ang kamatayan ng bata."*** Ngunit kaulanan, siya'y nagtagumpay sapagkat ang Dios ay sumasa kanya. Ang katulad sa mga magulang na walang asawa sa ngayon, huwag dapat nilang bigyang daan ang mga tukso at isuko at bumalik sa dating buhay ng kasalanan, at mag asawang muli. Tiyak, magagawa nilang gawin iyon at alagaan ang kanilang mga anak dahil ang Dios ay sumasa kanila. Hihikayatin ng Dios ang mga solong magulang gaya ng paghikayat Niya kay Agar, ***"17 At narinig ng Dios ang tinig ng bata; at tinawag ng anghel ng Dios si Agar, mula sa langit, at sa kaniya'y sinabi, Naano ka Agar? Huwag kang matakot; sapagka't narinig ng Dios ang tinig ng bata sa kinalalagyan." (Genesis 21:17 KJV)*** Sinabi ng Dios kay Agar, ***"Naano ka Agar? Huwag kang matakot; sapagka't narinig ng Dios ang tinig ng bata sa kinalalagyan."*** Hinikayat ng Dios si Agar at inalis ang kanyang takot. Patuloy na hihikayatin ng Panginoon ang magulang na walang asawa na magpatuloy na gawin ang kanilang ministerio at alagaan ang kanilang mga anak.

***D. <u>Patuloy na ipipilit ng Dios sa mga mga magulang na walang asawa na alagaan ang kanilang mga anak</u>:*** Pinagtibay Niya kay Agar ang kanyang ministerio bilang babaeng tagapagbantay upang alagaan ang kanyang anak nang sinabi Niya sa kanya, ***"18 Magtindig ka, iyong itayo ang bata, at alalayan mo siya ng iyong kamay; sapagka't siya'y gagawin kong isang bansang malaki." (Genesis 21:18 KJV)*** Iyon ang pangalawang pagkilala ni Agar sa Dios. Dito tinagubilinan siya ng Dios at pinagtibay sa kanyang muli ang kanyang ministerio, upang alagaan niya mismo ang kanyang anak at ipinangako sa kanya na pagpapalain niya ang bata; na gagawin Niya siyang malaking bansa. Hindi ipinayo ng Dios sa kanya na pumunta at mag asawa sapagkat si Abraham ang ama ng kanyang anak ay buhay pa. Kaya, pinapayuhan namin ang mga magulang na walang asawa na alagaan ang kanilang mga anak, sapagkat magagawa nila ito nang walang ibang kabiyak at mahulog muli sa pangangalunya. Tutulungan sila ng Panginoon at pagpapalain ang kanilang mga anak habang sila'y sumusunod sa Dios.

***E. <u>Ang Dios ang magtutustos para sa mga magulang na walang asawa</u>:*** Ang Dios ang nagbigay kay Agar, ***"At idinilat ng Dios ang kaniyang mga mata, at siya'y nakakita ng isang balon ng tubig: at naparoon at pinuno ng tubig ang bangang balat, at pinainom ang bata." (Genesis 21:19 KJV)*** Iminulat ng Dios ang mga mata ni Agar, bilang babaing tagapagbantay para sa kanyang anak na si Ismael, at ipinakita sa kanya ang Kanyang

lingap sa kanya gaya ng pagsunod niya sa Kanya. Sa parehong paraan. Imumulat ng Dios ang mga mata ng mga magulang na walang asawa bilang lalaki at babaeng tagapagbantay sa kanilang mga anak at magagawa nilang makita ang lingap ng Dios para sa kanila at sa kanilang mga anak.

***F. <u>Bilang ang isang  magulang na walang asawa ay sumunod sa Dios, ang ibang kabiyak ay mabibigyan ng pagkakataon na magsisi at sumunod sa Dios</u>:*** Nang sumunod si Abraham sa Dios, pati rin si Agar ay sumunod sa tinig ng Dios. Ang masunuring pagkilos ni Abraham ay nakatulong kay Agar na sumunod sa Dios. Nang sumunod si Abraham at pinaalis si Agar, idinilat ng Dios ang kanyang mga mata at nakita niya ang presensya ng Dios sa kanyang buhay at ang buhay ng kanyang anak at sumunod sa Kanya.

***G. Ang Dios ang magtutustos para sa mga anak ng mga magulang na walang asawa:*** Ang Dios ay suma bata at nagtustos sa Kanya, ***"At ang Dios ay sumabata, at siya'y lumaki; at tumahan sa ilang at naging mamamana." (Genesis 21:20 KJV)*** Pinalaki ng Dios ang bata at binigyan siya isang trabaho at ng propesyon. Si Ismael ay naging isang mamamana. Ang Dios ang magtutustos para sa mga anak ng mga magulang na walang asawa na lampas sa ating kaisipan. Sa pagsunod nila sa Panginoon Siya ang mangangalaga para sa kanilang mga anak, palalakihin sila, tuturuan sila, at ibibigay angkop na prospesyon at trabaho upang maitaguyosd ang kanilang pamumuhay.

***H. <u>Ang mga masunuring magulang na walang asawa, ang kanilang mga anak ay magkakaroon ng mabuting pamilya</u>:*** Inaani ni Hagar ang kanyang pagsunod - isang mabuting pamilya ni Ismael, ***"At nanahan siya sa ilang ng Paran: at ikinuha siya ng kaniyang ina ng asawa sa lupain ng Egipto." (Genesis 21:8-21 KJV)*** Si Agar ay nagtakda ng isang mabuting halimbawa para sa kanyang anak tungkol sa kung paanong ang isang pamilya ay itatag, sa isang beses na pag-aasawa. Nang siya ay hindi nag asawang muli nagbigay siya ng mabuting halimbawa sa kanyang anak na dapat siyang mag asawa nang iisa at mag asawa sa isang babae n walang asawa at hindi sa may asawa na.

***I. <u>Magkaroon ng mabuting pag-iisip</u>:*** Huwag dapat tayong matuksong mag isip sa isang paraan na salungat sa kalooban ng Dios at tanungin ang mga sumusunod na mga tanong: *'Paano si Abraham ano ang naramdaman niya tungkol kay Ismael?' o 'Paano ang tungkol kay Agar paano niya pinangasiwaan si Ismael nang walang ama?' o 'Paano siya namuhay ng walang lalaki?' o 'Paano si Ismael hindi siya nagtanong tungkol sa kanyang ama?'* Ang mabuting pag-iisip: Ang Dios ang may buong kontrol at Siya ang magbibigay at mangangalaga habang ang mga solong magulang ay susunod sa Kanya. Ang buhay ng mga magulang na walang asawa ay hindi paghihirap kundi kagalakan sa presensya ng Dios. Ito ay magiging isang buhay ng paghihirap kung pipiliin nilang sumuway sa Dios.

***J. <u>Ang mga anak ng mga magulang na walang asawa ay lalago na nababatid ang kalooban ng Dios</u>:*** Si Ismael ay lumaking nababatid ang kalooban ng Dios. Ang Banal na Kasulatan ay hindi ipinahayag sa atin na na si Ismael ay nakipagtagpo sa kanyang ama pagkatapos paalisin sila ni Abraham kasama ng kanyang ina. Batid niyang ito'y kalooban ng Dios na siya ay aalagaan sa pamamagitan ng kanyang ina. Ipinahayag sa atin ng Banal na Kasulatan na nakatagpo niya ang kanyang ama pagkatapos ng kanyang pagkamatay; Si Ismael kasama ang kanyang kapatid na Isaac ay inilibing si Abraham: ***"8 At nalagot ang hininga ni Abraham at namatay sa mabuting katandaan, matanda at puspos ng mga taon; at nalakip sa kaniyang bayan. 9 At inilibing siya ni Isaac at ni Ismael na kaniyang mga anak sa yungib ng Macpela, sa parang ni Ephron, na anak ni Zohar na Hetheo, na nasa tapat ng Mamre;" (Genesis 25:8-9 KJV)*** Itinuro kay Ismael na siya'y ipinanganak bilang bunga ng kasalanan. Ang mabuting halimbawa ng Kanyang inang si Agar ay itinuro sa kanya ang mga alintuntunin ng Dios tungkol sa pamiya. Si Ismael bilang binanggit sa Bibliya ay isang beses na nag asawa at nagkaroon ng labin dalawang anak. ***"12 Ang mga ito nga ang sali't saling lahi ni Ismael, anak ni Abraham, na naging anak kay Abraham ni Agar na taga Egipto, na alila ni Sara: 13 At ito ang mga pangalan ng mga anak ni Ismael, ayon sa kanikaniyang lahi: ang panganay ni Ismael ay si Nabaioth; at si Cedar, at si Adbeel, at si Mibsam, 14 At si Misma, at si Duma, at si Maasa, 15 At si Hadad, at si Tema, si Jetur, si Naphis, at si Cedema: 16 Ito ang mga anak ni Ismael, at ito ang kanikaniyang pangalan, ayon sa kanikaniyang nayon, at ayon sa kanikaniyang hantungan: labing dalawang pangulo ayon sa kanilang bansa. 17 At ito ang mga naging taon ng buhay ni Ismael, isang daan at tatlong pu't pitong taon; at nalagot ang hininga at namatay; at siya'y nalakip sa kaniyang bayan." (Genesis 25:8-9, 12-17)*** * Aanihin ng mga magulang na walang asawa ang bunga ng kanilang pagsunod na makita ang mabuting pamilya sa kanilang mga anak. Ang masuwaying mga magulang na walang asawa na tumangging humiwalay mula sa pangangalunyang mga pakikipag uganayan, o sa mga nag asawang muli habang ang mga magulang ng kanilang mga anak ay buhay pa, ang kanilang mga anak ay gagawin ang katulad at magkakaroon ng sirang pamilya. Ipapasa nila ng kasalanan at ang parehong sumpa sa kanilang mga inapo. * Ang masunuring mga magulang na walang asawa na handang humiwalay mula sa pangangalunyang relasyon at tumalima sa kalooban ng Dios upang manatiling nag iisa at alagaan ang kani-kanilang mga anak ay puputulin ang sumpa ng pangangalunya mula sa pagdadala sa kanilang mga anak at magtatag ng masunuring mga anak na batid ang mga alintuntunin ng Salita ng Dios ng kung anong tungkol sa pamilya.

***K. <u>Tayo ay matuto mula sa Banal na Kasulatan</u>:*** Maaring itanong ng mga tao bakit matuto tayo mula sa halimbawa ni Agar? ***Sa aking mahal at minamahal:*** *Una*, hindi lamang ito halimbawa ni Agar kundi pati na rin isang mabuting halimbawa ng ating amang si Abraham na nagpaalis kay Agar, *Pangalawa*, Ang halimbawa ni Agar ay ang Salita ng Dios at matuto tayo mula sa Banal na Kasulatan na tumalima at mamuhay sa makaDios na buhay upang anihin natin ang bunga, ***"4 Sapagka't ang anomang mga bagay na isinulat nang una ay nangasulat dahil sa ikatututo natin, upang sa pamamagitan ng pagtitiis at pagaliw ng mga kasulatan ay mangagkaroon tayo ng Pagasa. 5 Loobin nawa ng Dios ng pagtitiis at paggiliw, na kayo ay magkaisa ng pagiisip sa isa't isa ayon kay Cristo Jesus: 6 Upang kayo na may isang pagiisip sa pamamagitan ng isang bibig ay luwalhatiin ninyo ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesucristo." (Roma 15:4-6 KJV)***

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli sa mga patay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita na nagturo sa akin ng iyong mga daan at ng iyong kalooban.*

*Ipahayag ang iyong mga kasalanan at talikdan ang mga ito. Talikdan ang kasalanan ng pangalawang pag aasawa, ang immoral na pakikipag uganyan sa labas ng buhay may asawa, at sa maling mga saloobin at ang maling damdamin na maghahantong sa iyo na ipilit na gawin ang iyong sariling kalooban at kasalanan laban sa Dios. Talikdan ang iyong kawalang kagustuhang magbantay at mag alaga para sa iyong anak o mga anak bilang isang magulang na walang asawa at kunin ang buong pananagutan sa kanila. Panginoon patawarin ako, ako'y nagsisisi sa mga sumusunod na mga kasalanan __________________.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili sa iyong Salita at sa paggawa ng iyong kalooban patungkol sa suliranin ng mga magulang na walang asawa, Panginooon bigyan mo ako ng kalakasan at ng mabuting kalusugan at ng pagtiis upang makamit iyon. Panginoon, bilang isang magulang na walang asawa ako'y handa na bantayan ang aking mga anak __________________.*

*Panginoon habang ako'y sumunod sa iyo tuparin ang iyong mabuting mga pangako sa akin at sa aking mga inapo, itong lahat ang aking hiling at panalanagin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at ipinangako ang kanilang buhay na gawin ang naayon sa iyong Salita sa mensaheng ito. Panginoon pagpalain sila, protektahan sila, at ibigay sa kanila ang kalakasan upang alagaan ang kanilang mga anak na may takot sa iyo at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon ibigay ang kanilang kailangan upang sila'y patuloy na pumaroon at gawin ang iyong kalooban. Panginoon pagpalain ang kanilang mga anak at pasaganain sila at palakihin sila, turuan sila at sanayin sila na magkaroon ng mga kasanayan at propesyon. Panginoon pagpalain ang lahat ng pagpapagal at sakit ng mga magulang na walang asawa at makita nila ang mabuting pamilya ng kanilang mga anak.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan, at tulugan kami at pangunahan kaming magpatuloy na ipangaral at ituro ang iyong Salita at hikayatin ang mga magulang na walang na gawin ang iyong kalooban tungo sa kanilang mga anak. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang mga Espirituwal na kaloob na kailangan namin upang pumaroon at paglingkuran ka; upang mag evangelio, gumawa ng mga alagad, magsanay ng mga manggagwa at magtanim ng maraming pag-aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com